



# Ang pangkalahatang anestetik ng iyong anak

Ipinapaliwanag ng polyeto na ito kung ano ang aasahan pag-punta ng iyong anak sa ospital para magkaroon ng operasyon na ginagamitan ng pangkalahatang anestetik. Sinulat ito ng mga anestetista (doktor na nagbibigay ng anestetik) na nagtutulungan kasama ang mga kinatawan ng pasyente at magulang.

## Anestetik at mga anestetista

Tinitiyak ng **pangkalahatang anestetik** na walang malay at walang pananakit ang iyong anak sa oras ng operasyon o procedure.

Ang **mga anestetista** ay mga espesyalistang doktor na nagbibigay ng anestetik at nagbabantay sa kalusugan ng iyong anak sa panahon ng operasyon at pagpapagaling. Malapit din silang nakikibahagi sa pampaginhawa sa sakit ng iyong anak pagkatapos ng operasyon.

Ang mga **anestetik** ay ang gamot na ginagamit para simulan at panatilihin ang anestisya.

- Maaaring simulan ang ibang anestetik sa pamamagitan ng pagturok sa ugat gamit ang plastik na tubo na tinatawag na cannula, ngunit maaari itong ipagpatuloy sa pamamagitan ng paglanghap ng gas.
- Sinisimulan ang ibang anestetik sa pamamagitan ng paglanghap ng gas at pagkatapos ay maglalagay ng cannula kapag tulog na ang iyong anak.

Karaniwan kang tatanungin ng anestetista o ng nars para sa paunang pagsusuri tungkol sa mga nakaraang karanasan ng iyong anak pagdating sa mga anestetik o iniksyon. Karaniwan din nilang tatalakayin ang mga paraan kung paano maaaring ibigay ang anestetik, at kung may preferensiya ka o ang iyong anak. Kadalasan, may mga medikal na kadahilanan kung bakit kailangang gawin sa partikular na paraan ang mga bagay-bagay at makikipag-usap sila sa iyo tungkol sa paraang mas pinipili nila para simulan ang anestetik at (ang mga dahilan) kung bakit. Napakahalaga ng mga kahilingan mo at ng iyong anak.

Pagkatapos makipag-usap sa anestetista, karaniwang susundin ang isa sa mga planong tinalakay kasama mo. Minsan, maaaring magbago ang inaasahang pagkakasunod-sunod, depende sa reaksyon at pagtugon ng iyong anak sa kritikal na oras.

Matatanong mo ang anumang isyung maaaring mayroon ka bago o sa araw ng operasyon.

Maaari mo ring makilala ang mga Kasama sa Anestisya na mga lubos na sinanay na propesyunal sa pangangalagang pangkalusugan. Mababasa mo ang higit pa tungkol sa kanilang tungkulin at sa pangkat ng anestisya sa aming website:

[www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anaesthesia-team](http://www.rcoa.ac.uk/patientinfo/anaesthesia-team)

## Paghahanda sa iyong anak

Marami kang bagay na magagawa para ihanda ang iyong anak para sa pagpunta sa ospital.

Maliban kung napakabata ng iyong anak, dapat mong subukan at ipaliwanag ang mga sumusunod:

- na siya ay pupunta sa ospital
- na magkakaroon siya ng operasyon o pagsusuri
- ilang pangunahing impormasyon tungkol sa mangyayari sa kanya kapag nasa ospital na siya.

Magkakaiba-iba sa mga bata ang pinakamainam na panahon para ibigay ang impormasyong ito. Para sa mga bata sa preschool, maaaring kailangan lang nila ito malaman isang araw bago ang pagpunta. Maaaring kailangan ng mga mas matandang bata ng mas mahabang panahon.

Mayroon ding mga polyeto para sa mga bata ng iba't ibang edad na mada-download mula sa mga pahina ng *Impormasyon para sa mga bata, magulang, at taga-pangalaga* sa website:

[www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)

- *Rees Bear has an anaesthetic (Mayroong anestetik si Rees Bear)* (3–6 na taong gulang kasama ang mambabasa na nasa gustong gulang).
- *Davy the detective: finding out about anaesthetics (Ang detektib na si Davy: pagtuklas tungkol sa mga anestetik)* (7–11 taong gulang)
- *General anaesthesia: a brief guide for young people (Pangkalahatang anestetik: isang maikling gabay para sa kabataan)* (12 taong gulang at pataas)

Makikita rin dito ang *My Daycase operation: an Easy Read (Ang aking Daycase na operasyon: isang Madaling Babasahin)* at mga madaling ma-access na mapagkukunan: [www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)

Mayroon ding animation na tinatawag na *A Little Deep Sleep – a Family Guide to Anaesthetics (Isang Maikli at Mahimbing na Pagtulog – Gabay ng Pamilya sa Mga Anestetik)* na nakakatulong sa mga batang may edad hanggang 12 taong gulang: ([www.vimeo.com/138062201](http://www.vimeo.com/138062201)).

Nag-aalok ang ilang ospital sa iyo at sa iyong anak ng pagkakataong bisitahin ang ward para sa operasyon ng mga bata sa araw bago ang operasyon. Isa itong mabuting paraan para tulungang maghanda ang iyong anak at bawasan ang pagkabalisa. Maraming ospital ang may pangkat para sa terapiya sa pamamagitan ng paglalaro na makakapagbigay ng mga paliwanag at makakahikayat ng pag-uusap sa pamamagitan ng paglalaro.

### **Mga ilang ideya sa sasabihin sa iyong anak**

- Ipaliwanag na ang operasyon o pagsusuri ay makakatulong sa iyong anak na bumuti o bahagyang bumuti, depende sa mga sitwasyon.
- Hikayatin ang iyong anak na magsalita tungkol sa operasyon at magtanong. Makakatulong ang mga libro, laro, at kuwento. Mayroong mga mapagkukunan gaya ng mga papel na makukulayan mula sa website ng College: [www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)
- Sabihin sa iyong anak ang tungkol sa oras. Kailan siya magkakaroon ng operasyon o pagsusuri? Gaano katagal siya mananatili sa ospital (kung alam mo ito)?

Kung magdamagan mananatili sa ospital ang iyong anak, ipaalam sa kanya na maaari ka ring manatili. Kung hindi ka sigurado kung posible ito, maaari kang tumawag sa ospital para kumpirmahin ito.

Maabisuhan ka ng iyong nars tungkol sa ano ang dapat mong dalhin sa ospital, pero mangyaring dalhin ang anumang regular na gamot na karaniwang iniinom ng iyong anak sa orihinal nitong pakete, mga pantulog, sipilyo, suklay, pamalit na underwear o diaper, at paboritong manika o laruan. Karaniwang nalilibang ang mga bata sa pagpapasiya kung ano ang dapat dalhin pero pinakamainam na huwag magdala ng masyadong maraming laruan.

Maaaring lubos na nakakatulong ang mga cell phone at tablet pero tandaang dalhin ang iyong charger at headphones.

Dapat kang maghanda ng maraming painkiller o pamatay-kirot gaya ng paracetamol at ibuprofen para sa oras na babalik na sa tahanan ang iyong anak. Aabisuhan ka ng iyong ospital kung paano dapat inumin ang mga iyon.

## Hindi mabuti ang pakiramdam bago ang operasyon?

Dapat mong tawagan ang ospital kung magkakaroon ng kapansin-pansing ubo o sipon ang iyong anak sa loob ng dalawang linggo ng operasyon, o pagtatae o pagsusuka sa loob ng ilang araw ng operasyon. Maaaring kailangang ipagpaliban ang operasyon hanggang bumuti ang pakiramdam ng iyong anak.

Kapag may ubo at sipon, mas malaki ang posibilidad na mahirapan sa paghinga ang mga bata, lalo na ang mga maliliit na bata, kapag nabigyan na sila ng anestetik. Maaari ding magdulot ang mga iyon ng mas mataas na panganib ng impeksiyon sa mga bata. Kaya mahalagang ipaalam mo sa staff ng ospital kung hindi naging mabuti ang pakiramdam ng iyong anak.

Mangyaring ipaalam din sa staff sa ospital kung ang iyong anak ay nagkaroon ng malapit na pakikisalamuha sa taong may bulutong, tigdas, o ibang impeksiyon.

Ang mga bakuna ay importanteng interbensyong medikal at hinihikayat namin ang lahat ng magulang na sumunod sa mga alituntunin ng pagbabakuna sa NHS sa website ng NHS: [www.nhs.uk/conditions/vaccinations](http://www.nhs.uk/conditions/vaccinations)

Ang kamakailangan bakuna ay karaniwang hindi problema para sa mga batang tatanggap ng anestetiko maliban kung sila ay magkakaroon ng mataas na temperatura bago sila isalang sa operasyon, kung saan minsan ay mas mabuting i-delay ang operasyon. Hindi ito karaniwan, kaya payo namin sa mga magulang na magpatuloy sa balak na pagbabakuna at huwag itong ipagpaliban dahil sa balak na operasyon.

## Klinika ng pagsusuri bago ang operasyon/pag-screen sa pamamagitan ng telepono

Maaaring tawagan ka ng nars mula sa ospital para alamin ang ilang detalye ng kalusugan at gamot ng iyong anak bago ang araw ng operasyon. Nagbibigay-daan din ito sa kanilang magsaayos ng karagdagang pagsusuri o kagamitan, kung kailangan, bago ang araw ng operasyon.

Maraming ospital ang mag-aanyaya ng mga bata, lalo na ng may pangmatagalang sakit o magkakaroon ng pangunahing operasyon, para dumalo sa klinika ng pagsusuri bago ang operasyon. Dito sila magtatanong tungkol sa kalusugan, gamot, at mga allergy ng iyong anak. Kukuha sila ng swab mula sa balat (marahang kukuskusin ang balat gamit ang malambot na cotton stick) para suriin ang anumang impeksiyon bago ang operasyon at gagawa sila ng anumang pagsusuri ng dugo na maaring kailangan. Maaaring maipakita nila sa iyo at sa anak mo ang ward kung saan sila pupunta at magbibigay sila sa iyo ng impormasyon tungkol sa operasyon ng iyong anak. Puwede mo ring makausap ang anesthetist na makakapagtalakay ng anumang opsyon sa anestetiko at ng anumang partikular na panganib.

# Sa araw ng operasyon ng iyong anak

Ang ospital ay dapat na magbigay ng malinaw na tagubilin tungkol sa kung kailan magsisimulang hindi kumain at uminom ang iyong anak. Importanteng sundin mo at ng iyong anak ang mga tagubiling ito. Kapag may pagkain o likido sa tiyan ng iyong anak sa oras ng anestetiko, posibleng umakyat ito sa likod ng lalamunan at bumaba sa kanyang бага.

Mas kumportable ang mga bata kung hindi nila kailangang maghintay nang mas matagal kaysa kailangan nang walang anumang pagkain at inumin.

Ang mga sumusunod ay mga karaniwang napagkakasunduang oras kung kailan ka makakapagbigay sa iyong anak ng makakain o maiinom bago ang isang minor na operasyon, pero pakisunod ang mga ibinigay sa iyong tagubilin ng ospital dahil posibleng iba ito.

- Ang mga bata ay puwedeng kumain nang kaunti at/o uminom ng isang baso ng gatas anim na oras bago ang operasyon. Pagkatapos, hindi na sila dapat kumain ng kahit ano kabilang ang mga matatamis at dapat iwasan ang chewing gum.
- Ang mga pinapasusong sanggol ay puwedeng bigyan ng gatas ng ina hanggang apat na oras bago ang kanilang operasyon.
- Ang mga sanggol na umiinom sa bote ay puwedeng bigyan ng formula milk hanggang anim na oras bago ang operasyon (paki-check sa inyong opsital kung may anumang ibang tagubilin para sa mga masyadong maliit o premature na sanggol).
- Ang mga bata ay dapat na patuloy na uminom ng tubig o ng napakalabnaw na squash (di-nakalalasing na concentrated syrup) hanggang isang oras bago ang kanilang operasyon. Nakakatulong ito sa kanilang manatiling hydrated at kumportable.

Pinapayagan o hinihikayat ng ilang unit na ang bata na uminom ng anuman pagdating sa unit.

Kung kumain ang iyong anak kamakailan lang, maaantala ang operasyon o ipagpapaliban ito sa ibang araw.

Dapat inumin ng iyong anak ng anumang gamot na ibinilin sa araw ng operasyon.

Pagdating sa ospital, titimbangin at susukatin ang iyong anak (maliban kung ito ay nagawa na sa nakaraang appointment). Susuriin ng isang nars ang kanilang temperatura, pulso, at bilis ng paghinga, at susukatin niya ang antas ng oxygen at presyon ng dugo.

Pamantayang kagawian ang isailalim sa pregnancy test ang sinumang batang lampas sa 12 taong gulang sa pamamagitan ng sampol ng ihi. Tingnan ang website ng Royal College of Paediatrics and Child Health para sa higit pang impormasyon:

[www.rcpch.ac.uk/resources/pre-procedure-pregnancy-checking-under-16s-guidance-clinicians](http://www.rcpch.ac.uk/resources/pre-procedure-pregnancy-checking-under-16s-guidance-clinicians)

Magtatanong ang nars tungkol sa mga gamot at allergy at maglalagay ng dalawang band ng pagkakakilanlan sa galang-galangan (wrist) o bukungbukong (ankle) ng iyong anak. Sa ilang ospital, maglalagay sila ng karagdagang band, o band na iba ang kulay, kung may allergy.

May bibista sa iyong anesthetist bago ang procedure para talakayin ang anestetiko ng iyong anak.

Kailangang malaman ng anesthetist ang pangkalahatang kalasugan ng iyong anak, kasama rito ang:

- mga nakaraang karanasan sa anestetiko
- anumang gamot na iniinom/ginagamit ng iyong anak
- anumang allergy nila
- anumang kamakailang ubo, lagnat, o pagtatae at pagsusuka.

Kung ang iyong anak o iba pang miyembro ng pamilya ay nagkaroon ng dating problema sa anestetiko, talagang importanteng sabihin ito sa anesthetist at ibigay ang anumang impormasyong mayroon ka o ang iyong kamag-anak.

Magandang pagkakataon ito para pag-usapan ang anumang partikular na alalahaning mayroon ka o ang iyong anak tungkol sa anestetiko. Baka makatulong na gumawa ng listahan ng mga bagay na gusto mong itanong.

Depende sa uri ng operasyong gagawin sa iyong anak, puwede ring lagyan ng anesthetist ng pampamanhid ang mga nerve gamit ang lokal na iniksyong anestetiko habang tulog ang iyong anak para makatulong sa pampaginhawa sa sakit pagkatapos.

Posibleng kailanganin din nilang gumamit ng karagdagang drip o cannula. Tatalakayin nila sa iyo ang mga dahilan kung bakit ito gagawin at ang kahalagahan ng kagamitang ito sa pagpapanatiling ligtas ng iyong anak habang siya ay natutulog at kumportable kapag siya ay nagising na.

## **Pag-antala sa operasyon o imbestigasyon**

Paminsan-minsan, sa pagsusuri sa iyong anak, maaring may malaman ang anesthetist tungkol sa iyong anak na mangangahulugang mas ligtas na hindi gawin ang procedure sa araw na iyon. Kapag mangyari ito, mag-aabiso sila kung at kailan inaasahang ligtas nang gawin ang procedure.

## **Naunang paggamot ('pre-med')**

Ito ang pangalan ng mga gamot na ibinibigay bago ang anestetiko.

Puwedeng magtalakay ang anesthetist ng pagbibigay ng gamot na pampakalma para matulungang magrelaks ang iyong anak. Gayunpaman, hindi ito karaniwang ibinibigay dahil baka magdulot ito ng pagkaantok sa mga bata pagkatapos ng operasyon. Maaari ring magbigay bilang paunang gamot ng mga medisina para sa pampaghinhawa sa sakit, o puwedeng magrekomenda ang anesthetist ng karagdagang paggamot para sa mga kondisyong tulad ng hika.

Karamihan sa mga paunang gamot ay ibinibigay na nasa likidong anyo.

## **Lokal na cream na anestetiko**

Halos lahat ng bata ay lalagyan ng 'magic cream' sa likod ng kanilang mga kamay at tatakpan ito ng clear na dressing. Minsan ay tinatawag itong "Ametop", "EMLA" o iba pang pangalang pangkalakalan. Isa itong lokal na cream na anestetiko na umaabot ng 30-60 minuto bago gumana.

Binabawasan ng cream na ito ang matinding kirot kapag ilalagay ang cannula sa kamay o braso ng iyong anak. Mahusay itong gumagana sa pagbabawas ng pananakit sa siyam sa sampung bata.

Kung hindi magagamit ang cream, sa halip nito ay maaaring gumamit ng lokal na cold spray na anestetiko para gawing manhid ang bahagi ng katawan.

## **Pagpunta sa silid ng operasyon**

Nagbibigay ang karamihan sa mga ospital ng makukulay na gown pang-ospital para suotin kapag pumupunta sa silid ng operasyon. Bagaman maaaring magsuot ang iyong anak ng kanyang sariling damit o pantulog. Makakasuoit siya ng diaper o lampin kung kinakailangan. Aabisuhan ka ng nars kung aling damit-panloob ang puwedeng suotin.

Para pumunta sa kuwarto para sa anestetiko, ang iyong anak ay maaaring maglakad, ihatid sa pamamagitan ng kama, wheelchair, o trolley, o kargahin papunta roon. Nag-aalok ang ibang yunit ng mga nakakaaliw na uri ng paghahatid. Sa ilang ospital, maaaring mag-alok sila ng pagsakay sa elektronikong sasakyan.

## **Sa kuwarto para sa anestetiko**

Sasamahan ka at ang iyong anak ng nars o ng practitioner sa pangangalagang pangkalusugan gaya ng espesyalista sa laro mula sa ward patungo sa kuwarto para sa anestetiko. Puwedeng magdala ang iyong anak ng laruan o anumang bagay na magbibigay ng kapanatagan sa kanya. Posibleng makatulong ang mga cellphone o tablet para libangin ang mga bata sa pamamagitan ng mga laro o paboritong palabas.

Kung gusto mo, maaari kang manatili kasama ang iyong anak para maging panatag siya habang binibigyan siya ng anestetiko. Bihira ang sitwasyon kung saan hindi ito posible. Sa oras na makatulog na ang iyong anak, sasamahan ka ng miyembro ng staff palabas ng kuwarto ng operasyon para bigyang-daan ang anesthetic team na alagaan ang iyong anak.

Kung lubos kang nababalisa, **hindi** mo kailangang samahan ang iyong anak sa kuwarto para sa anestetiko. Sa halip ay maaaring sumama ang ibang miyembro ng pamilya na nasa hustong gulang, ang nars sa ward, o therapist sa laro.

Maaaring simulan ang anestetiko habang nakahiga sa trolley ang iyong anak. Maaaring bigyan ng anestetiko ang mas maliit na bata habang nakaupo sa iyong kandungan. Pagkatapos ay bubuhatin siya ng staff, maaaring sa pamamagitan ng tulong mo, patungo sa trolley.

Gagamit ang anaesthetist ng gas mula sa face mask o tubo, o ng iniksyon sa pamamagitan ng cannula para simulan ang anestetiko. Bago nito ay naitalakay na ito sa iyo, bagaman maaaring kailangang baguhin ang plano kung hindi makipagtulungan ang iyong anak.

Karamihan sa mga mas malalaking bata ay bibigyan ng iniksyon sa pamamagitan ng cannula. Kung gagamit ng cannula, karaniwang mabilis na mawawalan ng malay at magiging malata ang iyong anak. Minsan, maaaring malamig o parang tinutusok-tusok ang pakiramdam ng iniksyon sa braso. Pagkatapos ay gagamit ang anesthetist ng mask para ipagpatuloy ang anestetiko at magbibigay siya ng karagdagang oxygen para sa kaligtasan.

Kung sinimulan ang anestetiko gamit ang gas, karaniwang gumagamit ang anesthetist ng mask para ibigay ang gas, o maaari niyang padaanin ang gas sa pamamagitan ng nakatikom na kamay na dahan-dahang ilalagay sa ibabaw ng ilong at bibig ng iyong anak. Katulad ng amoy ng felt-tip pen ang mga anestetikong gas.

Karaniwang inaabot ng ilang sandali (mula sa ilang segundo hanggang sa ilang minuto) bago gumana ang anestetiko. Normal lamang na hindi mapakali ang bata sa oras na ito o na mag-iba ang tunog ng kaniyang paghinga. Maaari pa nga siyang humilik nang malakas. Tutulungan ka ng staff na marahan ngunit matatag na hawakan ang iyong anak.

Pagkatapos ay hihilingin sa iyo na lumabas sa kuwarto para sa anestetiko. Sasamahan ka ng staff palabas ng kuwarto para sa operasyon.

Sa oras na mabigyan na ng anestetiko ang iyong anak, maglalagay ang anesthetist ng cannula para makapagbigay siya ng pampaginhawa sa sakit at mga anestetikong gamot na kailangan.

### **Ano ang susunod na mangyayari?**

Dadalhin ang iyong anak sa kuwarto ng operasyon para gawin ang operasyon o procedure.

Mananatili ang anesthetist kasama ang iyong anak sa buong panahon ng procedure at masinsinan niyang susubaybayan ang presyon ng dugo, pulso, paghinga, mga antas ng oxygen ng iyong anak upang tiyaking siya ay ligtas at ganap na may anestetiko.

Mainam na oras ito para ikaw ay kumain at uminom, ngunit ipaalam sa staff na aalis ka at bigyan sila ng numero ng cell phone para matawagan ka nila.



# Pagkatapos ng operasyon

## Sa kuwarto para sa pagpapagaling (recovery room)

Nagigising ang karamihan ng mga bata sa kuwarto para sa pagpapagaling. Nasa malapit lang ang anesthetist at makakatulong siya kung kailangan. Magkakaroon siya ng bendehe sa ibabaw ng kanyang cannula para tiyaking ligtas ito at hindi niya napapansin habang nagigising na siya.

Ang bawat bata ay inaalagan ng espesyalistang nars o ibang naaangkop na kwalipikadong practitioner na titiyaking kumportable ang iyong anak. Magbibigay sila ng karagdagang pampaghinawa sa sakit at mga gamot na pang-iwas sa pagduruwal o pagsusuka kung kailangan. Tatawagin ka para makasama ang iyong anak sa naaangkop na oras sa proseso ng paggising.

## Pagkabagabag sa oras ng paggising

Maaaring magpakita ang ilang bata ng palatandaan ng pagkalito at/o pagkabagabag kapag nagising na sila. Mas malamang na mangyari ito sa mas maliliit na bata.

Ilang bata lang ang lubos na maligalig. Posibleng umiyak sila at magpagulong-gulong o magkukumpas ng kanilang mga braso at binti. Maaaring magtagal ang asal na ito nang halos 30 minuto, at mas matagal kung minsan. Ang mga staff na nagtatrabaho sa kuwarto para sa pagpapagaling ay may karanasan sa pag-aalaga ng bata sa ganitong pagkakataon. Isaalang-alang nila kung makakatulong ang mas maraming pampaghinawa sa sakit. Papayuhan ka nila kung paano pinakamahusay na aliwin at muling bigyan ng katiyakan iyong anak.

Kung ang anak ay nagising nang balisa, ito ay natural na nakakabahala sa magulang. Magandang sabihin sa iyong anesthetist kapag ang iyong anak ay nakaranas ng itong tipo ng pagkabalisa noong nakaraan upang talakayin ang mga paraan kung paano ito maiiwasan sa hinaharap.

## Pampaghinawa sa sakit

Ang gamot na nagpapaghinawa para sa sakit, at kung minsan ang mga lokal na iniksyong anestetikong, ay ibinibigay sa kapag ina-apply ang anestetiko para siguraduhin na ang iyong anak ay magigising sa pinakakumportable kondisyon hangga't maaari. Depende sa procedure ang uri ng pampaghinawa sa sakit.

Kakausapin ka ng anesthetist, siruhano, at/o mga staff ng ward tungkol sa pinakamahusay na pampaghinawa sa sakit ng iyong anak.

## Pag-uwi ng bahay

Madalas ay posible para sa iyong anak na makauwi ng bahay sa araw ng operasyon o procedure kung ang siruhano at anesthetist ay masaya na ito ay ligtas na opsyon at ang iyong anak ay gumagaling nang maayos.

Ikaw ay bibigyan ng payo tungkol sa kung paano magbigay ng gamot para pampaghinawa sa sakit sa bahay. Kailangan mong maingat na sundin ang payong ito.

Ang ilang bata ay posibleng makaramdam na may sakit o puwedeng magkaroon ng sakit sa pag-uwi ng bahay. Kapaki-pakinabang na maging handa!

Kapag iuwi mo ang iyong anak sa mismong araw ng operasyon, bibigyan ka ng numero sa pag-kontak na matatawagan kung may alalahanin ka tungkol sa iyong anak sa bahay.

## **Pagkatapos**

May ilang batang makakaramdam ng pag-aalala sa pagpunta sa ospital. May ilang bata na hindi nakakatulog nang maayos pagkatapos maglagi sa ospital. Posibleng gusto nilang laging katabi ka o malapit sa iyo, at nag-aalala silang malayo sa iyo. Ang kanilang pag-uugali ay maaaring maging mas mahirap kaysa sa dati. Karaniwan itong babalik sa normal sa loob ng tatlo hanggang apat na linggo.

## **Nauugnay na panganib at epekto ng anestetiko ng iyong anak**

Hindi pangkaraniwan ang mga malulubhang problema sa mga modernong anestetiko. Karamihan sa mga bata ay gumagaling nang mabilis at agad na bumabalik sa normal pagkatapos ng kanilang operasyon at anestetiko. Marami sa mga bata ay posibleng makaramdam na may sakit sila, o magkaroon ng masakit na lalamunan. Karaniwang hindi ito nagtatagal. Madalas ay available at nagbibigay ng mga gamot para sa pagsusuka at sakit.

Para sa anak na mabuti ang kalusugan na sasailalim sa minor na operasyon, karaniwa (higit 1 sa 10 bata) ang magkaroon ng:

- sakit ng ulo o sakit ng lalamunan
- pagkakasakit o pagkahilo
- pagkabalisa sa paggising.


Kung titingnan ang mga mas bihirang komplikasyon, humigit-kumulang 1 sa 10,000 bata ang nagkakaroon ng seryosong allergic reaction sa anestetiko.

Ang panganib ng kamatayan sa anestisiya para sa malulusog na batang sumasailalim sa minor o moderate na operasyon na hindi emergency ay maaaring mas mababa sa 1 sa 100,000. Karamihan ng kamatayang nangyayari sa panahon ng operasyon, o sa ilang sandali bago o pagkatapos nito, ay hindi direktang epekto ng anestetiko kundi ng ibang dahilang konektado sa kalusugan ng indibidwal o ng operasyong ginagawa sa kanila.

Para mabasa ang mga pangkalahatang panganib na nauugnay sa anestetiko o isang procedure ng anestetiko, tingnan ang seksyon ng panganib sa aming website [www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)

## Paliwanag sa panganib

Iba-iba ang mga tao sa kung paano nila binibigyang-kahulugan ang mga salita at numero. Makakatulong ang scale na ito.



Sa modernong anestesiya, ang malulubhang problema ay bihira.

Ang posibilidad ng malubhang panganib o komplikasyon ay mas mataas kung ang iyong anak ay may malubhang sakit, komplikadong medikal na background, o wala pang apat na taong gulang at/o sasailalim sa isang pangunahing operasyon.

Minsan ay may partikular na panganib na nauugnay sa anestetiko sa mga batang mayroong mabigat na sakit o mga sanggol na sasailalim sa operasyon. Puwede itong talakayin sa iyo ng anethetist bago ang operasyon. Ginawa ng mga modernong kagamitan, pagsasanay, at gamot na ligtas ang pagtanggap ng anestetiko, pero hindi naman talaga maaalis nang lubusan ang lahat ng panganib.

May patuloy na pananaliksik sa posibleng pangmatagalang epekto ng anestesiya sa mga sanggol at napakabatang pasyente. Sa kasalukuyan walang malakas na ebidensya na ang anestetik ay nakakapinsala sa progreso, at mahalagang isaalang-alang na ang anumang panganib ay dapat balanseng ilaban sa pangkalahatang kahalagahan ng pagbibigay ng anestesiya para sa isang procedure o operasyon.

Ang impormasyon tungkol sa mga kritikal na pangyayari sa pediatric na anestesiya ay matatagpuan online: *Insidente ng malulubhang kritikal na pangyayari sa pediatric na anestesiya sa United Kingdom: pangalawang pagsusuri ng observational na trial sa practice ng anestesiya sa mga bata (APRICOT study)*: [www.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/anae.14520](http://www.onlinelibrary.wiley.com/doi/abs/10.1111/anae.14520)

Maaaring gusto mong tingnan ang sumusunod para sa karagdagang impormasyon mula sa Association of Pediatric Anesthetists ng Great Britain at Ireland:

[www.apagbi.org.uk/guidelines](http://www.apagbi.org.uk/guidelines) o

[www.apagbi.org.uk/children-and-young-people](http://www.apagbi.org.uk/children-and-young-people)

Impormasyon tungkol sa mga pangkalahatang panganib ng pagbibigay ng anestetiko sa mas matatandang bata at kabataan ay available sa website ng Kolehiyo: [www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)

Para sa higit pang impormasyon tungkol sa pampaghinhawa sa sakit, mangyaring tingnan ang aming leaflet na *Anesthesia explained (Paliwanag sa pagbibigay ng anestesyá)* na makikita sa aming website:

[www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)

Sinisikap naming tiyaking tumpak at napapanahon ang impormasyon sa polyetong ito, ngunit hindi namin ito magagarantiya. Hindi namin inaasahan na masasagot ng pangkalahatang impormasyon na ito ang lahat ng posibleng tanong mo o na matatalakay nito ang lahat ng maaaring mahalaga para sa iyo. Dapat mong talakayin ang iyong mga desisyon at anumang alalahanin mo sa iyong medikal na team, gamit ang polyetong ito bilang gabay. Hindi dapat ituring na payo ang polyetong ito. Hindi ito maaaring gamitin para sa anumang layuning komersyal o pangnegosyo. Para mabasa ang buong disclaimer, mag-click dito ([www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog](http://www.rcoa.ac.uk/patient-information/translations/tagalog)).

Gawa ang lahat ng pagsasalin ng komunidad ng mga tagasalin ng Translators Without Borders. Sinusuri ang kalidad ng mga pagsasalang ito para masigurong tumpak hangga't maaari ang mga salin, ngunit maaaring magkaroon ng mga hindi tumpak na salin at maling pagpapakahulugan sa ilang impormasyon.

## Sabihin sa amin ang iyong palagay

Malugod kaming tumatanggap ng mungkahi para pagbutihin ang polyeto.

Ipadala ang iyong mga puna sa: [patientinformation@rcoa.ac.uk](mailto:patientinformation@rcoa.ac.uk)

### **Royal College of Anaesthetics**

Churchill House, 35 Red Lion Square, London WC1R 4SG

020 7092 1500

**[www.rcoa.ac.uk](http://www.rcoa.ac.uk)**

### **Ika-anim na Edisyon, Pebrero 2020**

Susuriin ang leaflet na ito sa loob ng tatlong taon mula sa petsa ng paglathala.

#### **© 2020 Royal College of Anaesthetists**

Ang leaflet na ito ay puwedeng kopyahin para sa layunin ng paggawa ng mga materyales para sa impormasyon ng pasyente. Paki-quote ang orihinal na pinagkunang ito. Kung gusto mong gamitin ang bahagi ng leaflet na ito sa isa pang publication, dapat na bigyan ito ng angkop na pagkilala at dapat na tanggalin ang mga logo, branding, at mga imahe mula rito. Para sa karagdagang impormasyon, makipag-ugnayan sa amin.